



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: ika-26 ng Oktubre, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.749.4900

Iho-host ng Air District ang mga pampublikong workshop para sa bagong draft na mga tuntunin ng kalidad ng hangin para sa pagbawas ng GHG

Humihingi ang Air District ng mungkahi tungkol sa mga tuntunin para sa mga pagpapatakbo ng paggawa ng abono, waste water treatment at pagkontrol ng mga nagpaparumi sa klima

SAN FRANCISCO – Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ay magho-host ng serye ng mga workshop sa pagbuo ng anim na bagong mga tuntunin para protektahan ang kalidad ng hangin at ang klima.

Sa mga workshop, ang mga pampubliko, lokal na gobyerno at mga industriya ay magkakaroon ng pagkakataong malaman ang tungkol sa draft na mga tuntunin, magtanong sa kawani ng Air District, at magbahagi ng feedback at mga ideya para sabihin ang panghuling proseso ng paggawa ng tuntunin.

“Alam naming mayroong alalahanin tungkol sa mahahalagang isyu sa klima tulad ng methane, kaya hinihikayat namin ang publiko na pumunta para suriin at komentuhan ang mga tuntunin na gagawa ng malaking epekto sa ating klima sa hinaharap,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang mga workshop na ito ay pagkakataon para sa publiko na malaman kung ano ang iminumungkahi ng Air District para bawasan ang methane at timbangin at komentuhan ang mga tuntunin sa kalidad ng hangin na mahalaga sa kanila.”

Iskedyul ng Workshop

San Francisco

Huwebes, Nobyembre 1
2 - 4 p.m.
Bay Area Metro Center
Silid para sa Komperensiya ng Yerba Buena,
ika-1 Palapag
375 Beale Street

Martinez

Lunes, Nobyembre 5
6 - 8 p.m.
Martinez Council Chambers
525 Henrietta Street

Dublin

Miyerkules, Nobyembre 7
6 - 8 p.m.
Shannon Community Center
11600 Shannon Avenue

San Jose

Huwebes, Nobyembre 8
6 - 8 p.m.
Silid para sa Pagpupulong ng Berryessa Public
Library
3355 Noble Avenue

Kabilang sa mga iminumungkahing tuntunin ang:

Regulasyon 13: Ang mga **Nagpaparumi sa Klima** ay magtatatag ng magkakaparehong depinisyon at kinakailangan para sa pagkontrol ng mga emisyon ng mga greenhouse gas at mga may kaugnayang nagpaparumi.

Tuntunin 13-1: Ang **Paglalabas ng Maraming Methane** ay ang magiging unang tuntunin ng Air District na partikular na nakatuon sa pagkontrol ng methane, isang malakas na greenhouse gas. Ang layunin ng tuntuning ito ay tugunan ang paglalabas ng maraming methane mula sa anumang pinagkukunan sa Bay Area.

Tuntunin 13-2: Nilalayon ng **Pamamahala ng Organikong Materyal** na bawasan ang mga emisyon ng methane at mga amoy mula sa lahat ng pasilidad na nagpoproseso ng mga organikong materyales sa pamamagitan ng paggamit ng mga pinakamagandang kasanayan sa pamamahala, pagsubaybay sa epekto at pagpapatibay ng mga pamantayan sa pagkontrol ng amoy.

Tuntunin 13-3: Nilalayon ng mga **Pagpapatakbo sa Paggawa ng Abono** na bawasan at kontrolin ang mga emisyon ng mga bagay na madaling matuyo, methane at mga amoy mula sa mga pagpapatakbo sa paggawa ng abono sa pamamagitan ng pagbibigay ng hindi pagbabago sa pagpapahintulot at pagsunod ng mga pasilidad para sa paggawa ng abono.

Tuntunin 13-4: Nilalayon ng **Anaerobic Digestion at Mga Pagpapatakbo ng Waste Water Treatment** na bawasan ang mga emisyon ng mga nagpaparumi sa klima, mga bagay na madaling matuyo at mga bagay na may amoy sa pamamagitan ng pag-aatas ng mga pinakamagandang kasanayan sa pamamahala, mga pamantayan sa emisyon, mga paraan ng pagsubok, pagre-record at mga kinakailangan para sa pag-uulat sa mga pasilidad ng waste water treatment at iba pang pasilidad na nagpapatakbo ng mga anaerobic digester.

Tuntunin 8-34: Ang mga **pagbabago sa Mga Tapunan ng Matitigas na Basura** ay babawasan ang mga emisyon ng methane at mga bagay na madaling matuyo mula sa mga landfill sa pamamagitan ng pagdagdag sa kahigpitan ng mga pamantayan para sa mga pangkontrol na kagamitan sa pangongolekta ng gas mula sa landfill at mga hindi alam na tagas at pabubutihin din ang pagiging naaalinsunod sa mga tuntunin ng estado at pederal na namamahala ng mga tapunan ng matitigas na basura.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga iminumungkahing tuntunin, puntahan ang: <http://www.baaqmd.gov/ruledev>.

Para sa mga tanong at komento tungkol sa mga partikular na iminumungkahing tuntunin, makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Regulasyon 13: Jacob Finkle, jfinkle@baaqmd.gov
Tuntunin 13-1: William Saltz, wsaltz@baaqmd.gov
Tuntunin 13-2 at 13-3: Robert Cave, rcave@baaqmd.gov
Tuntunin 13-4: Misha Nishiki, mnishiki@baaqmd.gov
Tuntunin 8-34: Victor Douglas, vdouglas@baaqmd.gov

Kung hindi ka makakadalo, tignan ang live webcast sa Nobyembre 1 nang 2 p.m., o ang naka-archive na video sa ibang pagkakataon sa <http://www.baaqmd.gov/>.

Para humiling ng pagsasalin-wika, makipag-ugnayan kay Christine Q. Nguyen, cqnguyen@baaqmd.gov o sa 415-749-8751, nang kahit 72 oras bago ang event.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

*Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)*